



Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINITI SA KATITIKAN NG IKA-32 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 8<sup>TH</sup> SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 MARSO 2014, IKA-1.30 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

|                                 |               |
|---------------------------------|---------------|
| Vice Mayor Violeta L. Dimapilis | - Tagapangulo |
| Konsehal Eduardo K. Soriano     |               |
| Konsehal Johnell C. Sifuel      |               |
| Konsehal Gualberto V. Magno     |               |
| Konsehal David D. Dela Cruz     |               |
| Konsehal Ramil O. Dimapilis     |               |
| Konsehal Juan S. Advincula      |               |
| Konsehal Elsie T. Galaran       |               |
| Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.  |               |

Hindi Nakadalo:

|                            |                                 |
|----------------------------|---------------------------------|
| Konsehal Joseph M. Galicia | - Pangulo, Liga ng mga Barangay |
|----------------------------|---------------------------------|

KAPASYAHAN BLG. 085  
Taong 2014

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG  
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA  
AT KAAKANG NG YUMAONG **G. ANTONIO C.  
BERNAL, JR.**, DATING KAWANI NG PAMAHALAANG  
BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si G. Antonio C. Bernal, Jr. ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro simula noong July 1, 1981 hanggang sa kanyang pagreretiro noong December 31, 2013; *Jan. 1, 2017*

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniintang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap nyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kaniyak, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni G. ANTONIO C. BERNAL, ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang copi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong G. Antonio C. Bernal lakip ang mataas na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.


Pinagtibay : 17 Marso 2014

PINATUTUNAYANG WASTO:



**FERDINAND V. TALENS, MPA**  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:



**VIOLETA L. DIMAPILIS**  
Pangalawang Punong Bayan

11412/031714